

**KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PAG-UNLAD**

1215 O Street, MS 9-90  
Sacramento, CA 95814  
TTY: 711  
(833) 421-0061



Nobyembre 4, 2021

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: MGA PARTICIPANT CHOICE SPECIALIST

Kasama sa 2021 Budget Act ang \$7.2 milyon para pondohan ang tatlong taong limitadong termino na mga Participant Choice Specialist (Mga Espesyalista na Pinili ng Kalahok) para sa bawat regional center. Ang mga posisyong ito ay nilalayong maging mga dalubhasa sa paksa sa mga opsyon sa serbisyo ng regional center na nagpapataas ng pagpipilian ng konsumidor at kontrol sa participant-directed services at sa Self-Determination Program (SDP), at hindi mangangasiwa ng kaso.

Dapat ganap na nakatuon ang mga Participant Choice Specialist sa pagsuporta sa mga tagapagsaayos ng serbisyo ng regional center, pagtulong sa mga konsumidor at pamilya sa mga napapanahong paglipat sa SDP, at pagbuo ng kaalamang pang-institusyon tungkol sa regional center tungkol sa mga opsyon sa participant-directed services, kasama ang SDP. Alinsunod sa batas at kontrata ng regional center, inaasahan ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Kagawaran) na pangasiwaan ng mga regional center ang pagbabahagi ng impormasyon na nauugnay sa SDP (hal., aktibidad sa pagpapatala, mga hadlang sa pagpapatala, patnubay ng Kagawaran, mga pinakamahasay na gawi ng regional center) sa pagitan ng bawat regional center at ng Kagawaran. Maaaring piliin ng regional center ang kanilang mga Participant Choice Specialist upang tumulong na matupad ang gawaing ito. Ang mga Participant Choice Specialist ay nilalayong tumulong sa regional center sa pagsasagawa ng ilang partikular na responsibilidad na nauugnay sa SDP at mga opsyon sa participant-directed services. Kasama rito ang, ngunit hindi limitado sa:

1. Ang paggawang makukuha ng tumpak na impormasyon sa mga kawani ng regional center, konsumidor at pamilya tungkol sa lahat ng opsyon sa participant-directed services, kabilang ang mga regulasyon ng estado at pederal na tumutukoy sa pinahihintulutan at hindi pinahihintulutang paggamit ng mga pondo ng SDP.
2. Ang pagbibigay ng pagsasanay sa mga tagapagsaayos ng serbisyo, mga kawani ng regional center na kasama sa proseso ng makatarungang pagdinig at iba pang mga kawani ng regional center, kung kinakailangan, tungkol sa mga prinsipyo ng self-determination, kung paano nakukuha ang mga serbisyo sa pamamagitan ng SDP at ang karapatan ng mga kalahok sa SDP. Maaaring ibigay ang pagsasanay kasabay ng lokal na komite ng tagapayo sa mga boluntaryo. Welfare and Institutions (W&I) Code section 4685.8(r)(9)]
3. Pagtugon sa mga target at benchmark sa pagpapatala sa SDP. [W&I Code section 4685.8(r)(1)]
4. Pagpapalawig ng kaalaman sa mga opsyon sa participant-directed services sa pamamagitan ng mga pagsisikap na tukuyin ang mga alalahanin at hadlang sa pagpapatala, bawasan ang mga tinukoy na hadlang at sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon at pagsasanay sa mga konsumidor, pamilya at tagapagkaloob tungkol sa mga opsyon sa participant-directed services.

**"Bumubuo ng mga Partnership, Sumusuporta sa mga Pagpili"**

MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER  
Nobyembre 4, 2021  
Pahina dalawa

5. Pagbuo at pagpapatupad ng isang plano para sa outreach at pagsasanay para sa iba't ibang komunidad at pagkuha ng input mula sa mga stakeholder tungkol sa pagiging epektibo ng outreach at pagsasanay at iba pang mga estratehiya. Kasama sa plano ang impormasyon tungkol sa lahat ng opsyon sa participant-directed services, kasama ang SDP. [W&I Code section 4685.8(r)(2)]
6. Pagkumpleto ng karagdagang pagsusuri ng mga badyet ng kalahok na lampas sa tinukoy na hangganan at paggamit ng impormasyon nang magkakasama upang tukuyin ang karagdagang pagsasanay, patnubay sa programa, at pagberipika ng pagtalima sa mga rekisito ng estado at pederal. [W&I Code section 4685.8(r)(5)]
7. Pakikipagtulungan sa mga karapat-dapat na konsumidor at kanilang mga pamilya sa pag-apply para sa Medi-Cal. [W&I Code section 4685.8(r)(4)]

Dapat makipag-ugnay ng mga konsumidor, miyembro ng pamilya, o tagapagkaloob sa kanilang lokal na regional center kung may mga tanong tungkol sa direktiba para sa programang ito. Maaaring ipadala ang mga tanong mula sa mga regional center sa [sdp@dds.ca.gov](mailto:sdp@dds.ca.gov).

Taos-puso,

*Pinirmahan ang Orihinal na Kopya ni:*

BRIAN WINFIELD  
Chief Deputy Director

cc: Mga Administrador ng Regional Center  
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center  
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center  
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center  
Nancy Bargmann, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad  
Maricris Acon, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad  
Tim Travis, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad  
Erica Reimer Snell, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad